


| MATATAG<br>K to10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 12 - 16, 2024 (WEEK 3) | Markahan: | 1 |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkat- etnolinggwistiko, pananampalataya, estrukturang panlipunan, at ugnayang pangkapangyarihan.<br><br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>1. Natutukoy ang heograpiyang pantao ng pangkapuluan at pangkontinenteng Timog Silangang Asya;<br>2. Nasusuri ang kaibahan ng heograpiyang pantao ng pangkapuluan at pangkontinenteng Timog Silangang Asya; at<br>3. Nakagagawa ng cultural show na nagpapakita ng pamumuhay, paniniwala kultura, at tradisyon ng mga pangkat etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya; at<br>4. Naipapakita ang paggalang at pagpapahalaga sa mga mga pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya. |
| **D. Nilalaman** | Ang Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya Batay sa Pangkat-etnolinggwistiko, Pananampalataya, Estrukturang Panlipunan, at Ugnayang pangkapangyarihan. |
| **E. Integrasyon** | ● Sustainable Development Goals 4 (SDGs) Quality Education for All<br>● Pagkamamamayan at Pagkakakilanlan<br>● Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Blando et al., (2014). *Asya:Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba.* Department of Education-Intructional Materials Council Secretariat Cruz et al., (2015).<br>*Araling Asyano Tungo sa Pagkakakilanlan*. Vibal Group, Inc.,1252 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City<br>Mateo et al., (2010). *Asya Pag-usbong ng Kabihasnan*. Vibal Group, Inc.,1252 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City<br>Samson et al., (2010). *Kayamanan (Kasaysayan ng Asya)*. Rex Book Store, Inc., Rex Printing Company, Inc., Santa Mesa Heights, Quezon City<br>*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ang klase ay hahatiin sa dalawang pangkat na may tig-apat na miyembro. Gamit ang mga inihandang tanong at tic-tac-toe board ng guro, paunahang sumagot ang bawat grupo sa pamamagitan ng pagtapik sa mesa o pagpindot sa buzzer/bell. Ang grupong maunang makatalong sagot ng tama at makabuo ng pattern ang mananalo.<br>**MakaTATLO-PANALO**<br> | Sa pagpapangkat ng mag-aaral, maaaring ang unang pangkat ay binubuo ng mga lalaki at ang ikalawang pangkat ay binubuo ng mga babae. Ang mga kagamitang ihahanda ng guro sa gawaing ito ay tic-tac- toe board (maaaring iguhit sa pisara o mag-print), chalk, tape, buzzer/bell at mga pamato (ito ang ilalagay sa tic- tac-toe board upang makabuo ng pattern). Bilang karagdagan, ang guro ay maghahanda rin ng mga tanong tungkol sa nakaraan na paksang tinalakay. Mas mainam ding isulat sa pisara ang mga salitang nasagot sa katanungan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang "pag-thumbs up" at "thumbs down" ng iyong kamay.<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br>Marka ng mga mag-aaral tungkol sa nakaraang paksang tinalakay. ________________________ | Maaaring ipataas ng guro ang kamay ng mag-aaral para makuha ang pidbak sa pamamagitan ng pag-like o dislike ng kamay. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat ng Gawain**<br>**Kilala Mo Ba Sila?**<br>Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Kilalanin at magbigay ng tatlong mga katangian o iyong napansin o obserbasyon sa bawat larawan. Isulat ito sa iyong kuwaderno.<br>**1.**  **2.** <br>**3.**  **4.**  | Sa gawaing ito, maghahanda ang guro ng ilang mga larawan ng mga pangkat etnolingwistiko sa Asya. At bibigyan ito ng mga katangian ng mga mag-aaral batay sa kanilang napansin at obserbasyon.<br><br>Mga pinagkuhanan ng larawan: 1. https://www.google.com.ph/search?q=ifugao<br>2. https://www.google.com.ph/search?q=Malay+people+drawing 3. https://www.google.com.ph/search?q=vietnamese+people+drawing |

| | | |
|---|---|---|
| | Pamprosesong mga Tanong:<br>1. Batay sa mga larawan, saang bansa matatagpuan ang bawat pangkat-etnolinggwistiko sa Timog-Silangang Asya?<br>2. May kahawig ka ba sa kanila?Bakit kaya?<br>3. Ano ang napansin mo sa katangian at kultura ng mga Asyano sa larawan? Pare-pareho ba sila? Bakit?<br>4. Bilang Asyano, paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga sa yaman ng kultura ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa Pilipinas?<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin AKO ay isang ASYANO!**<br><br>Magpagawa ng slogan upang ipakita at ipagmalaki ang pagiging isang Asyano. Gamitin ang rubrik na nasa ibaba sa pagmamarka. | 4. https://www.google.com.ph/search?q=thailand%20traditional<br><br>Matapos gawin ito ng mga mag- aaral, sasagutan nila ang mga pamprosesog tanong. |

| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Kaangkupan** | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| **Mensahe** | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| **Pokus** | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalman |

Mga kinakailangang kagamitan:
1. Oslo/Bond Paper
2. Marker
3. Coloring Material/s


Matapos ang gawaing ito, maaaring ipabasa ang kanilang nagawang slogan.

<table>
<tr><th>Brunei</th><th>Indonesia</th><th>Malaysia</th><th>Pilipinas</th><th>Singapore</th><th>Timor-<br>Leste</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td colspan="6">Pangkat-etnolinggwistiko sa Kapuluang Timog Silangang Asya</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**VOCABULARY WORD MAP**<br>
Panuto: Bigyang kahulugan ang salita gamit ang vocabulary word map.




</td>
<td>

Gamitin ang vocabulary word map upang mas malinaw na matalakay ang kahulugan ng etnolinggwistiko. Maaaring pagdalahin ang mga mag-aaral ng libro o disksyunaryo na magagamit upang mabigyang kahulugan ang salita. Kung may internet connection, maaaring maghanap ng kahulugan nito sa Google.

Ipasulat sa pisara ang mga kahulugan na ibibigay ng mga mag-aaral batay sa sanggunian na kanilang ginamit. Pagkatapos, ipabasa ito sa mga mag-aaral.

</td>
</tr>
<tr>
<td>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

Ikalawang Araw

**Kaugnay na Paksa 1: Pangkat-etnolinggwistiko sa Kapuluan at Pangkontinenteng Timog Silangang Asya**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa PANGKATIN natin!**

Gamit ang Continuous List Chart, maiisa-isa at matutukoy ng mga mag-aaral ang mga pangkat-etnolinggwistiko sa kapuluang Timog Silangang Asya.

</td>
<td>

**Mga kailangang kagamitan:**

1. Continuous List Chart
2. Mga pangkat-etnolinggwistiko na pamimilian ng mga mag-aaral

Sa gawaing ito, maghahanda ang guro ng mga pangkat-etnolinggwistiko na matatagpuan sa Kapuluang Timog Silangang Asya na magsisilbing pamimilian ng mga mag-aaral upang mailagay kung saang bansa sila matatagpuan. Maaaring isagawa ito na maging laro

</td>
</tr>
</table>

Mga pamprosesong tanong:

1. Sa anong bansa ka maraming nitalang pangkat etnolinggwistiko? Bakit?
2. Anong bansa naman ang kakaunti? Bakit?
3. Naging madali ba para sa iyong pangkatin ang mga etnolinggwistiko batay sa bansa kung saan sila matatagpuan? Bakit?
4. Ano ang ginamit mong batayan sa pagpapangkat sa mga pangkat- etnolinggwistiko? Ipaliwanag.

**DEAL or NO DEAL**

Panuto: Gamit ang mga kahong may numero, tatawag ang guro ng mag- aaral at papipiliin ng numero. Sasagot ang mag-aaral ng DEAL kung ang pangkat-etnolinggwistiko na mapipili ay matatagpuan sa pang-kontinenteng Timog Silangang Asya at NO DEAL naman kung hindi. Nasa ibaba ang mga pangkat-etnolinggwistiko katumbas ng bilang na nasa bawat kahon. Kung Deal ang magiging sagot ng mag-aaral ay tatanungin ng guro kung saang bansa ito sa pang-kontinenteng Timog Silangang Asya matatagpuan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 |

(game) upang mas interactive at mas masaya ang talakayan.
Matapos makumpleto ang chart, sasagutan ng mga mag- aaral ang mga pamprosesong tanong.

Mga pangangailangan:

1. Deal or No Deal Board (Maaari itong iguhit pisara o nakalapag sa powerpoint presentation)
2. LED TV at Laptop
3. Background music ng Deal or No Deal https://www.youtube.com/watch?v=3jbWTHIikqc

Bago simulan ang gawaing ito, maaaring ipa-isa isa muna ng guro sa mag-aaral ang mga bansang kabilang sa pang- kontinenteng Timog Silangang Asya. Maaaring dagdagan ng guro ang mga kahon na may katumbas na numero.

Maaari ring isulat ng guro ang mga pangkat-etnolinggwistiko sa pang-kontinenteng Timog Silangang Asya at ang bansang kanilang kinabibilangan.

Mga pangkat-etnolinggwistiko:

| Pamantayan | Deskripsiyon | Puntos |
|---|---|---|
| 1. Organisasyon | Madaling unawain ang isinasagawang pagtatanghal. Malikhain at orihinal ang pagtatanghal. | **8** |
| 2. Nilalaman at pagpapahalagang Kultural | Wasto ang lahat ng nilalaman. Mahusay na naipakita sa pagtatanghal ang pagpapahalagang kultural. | **8** |
| 3. Kagamitan at kasuotan | Angkop ang mga kagamitan at kasuotan ng mga nagsipagtanghal | **4** |
| | **Kabuoan** | **20** |





**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Gamitin ang Sagutang Papel ng Pagkatuto Bilang 2. Teksto-Suri.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto tungkol sa mga batayan sa pagpapangkat ng etnolinggwistiko. Matapos ito, sasagutin ng mga mag-aaral ang mga gabay na tanong gamit ang roll and tell.

**ROLL AND TELL**



1. May malaking *dice* ang guro at ipapasa ito ng mga mag-aaral sa bawat isa habang tumutugtog ang *background music*.
2. Kapag tumigil ang tugtog, ang mag-aaral na may hawak ng *dice* ay iro-*roll* ito upang malaman kung anong numero ang para sa kanya.
3. Ang numero na lumabas ay may katumbas na katanungan na kailangan masagot ng mag-aaral.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Hatiin sa apat na pangkat ang mga mag-aaral. Humanap at pumili ng isang pangkat etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya. Isagawa ang isang cultural show na magpapakita ng pamumuhay, kultura, tradisyon at paniniwala ng piniling pangkat. Maaaring gawin o gamitin ang powerpoint presentation o in person cultural show. Ilahad ang pagpapahalaga bilang mga Asyano sa Timog Silangang Asyano sa isasagawang palabas.

Gamitin ang rubrik na nasa ibaba sa pagmamarka.

1. Karen (Sagot: Deal – Myanmar)
2. Miao (Sagot: Deal – Thailand)
3. Kinh (Sagot : Deal – Vietnam)
4. Khmer (Sagot : Deal – Cambodia)
5. Cebuano (Sagot: No Deal – Philippines)
6. Lao Loum (Sagot: Deal – Laos)
7. Thai (Sagot : Deal – Thailand)
8. Hmong (Sagot : Deal – Laos)
9. Muong (Sagot : Deal – Vietnam)
10. Padaung (Sagot : Deal – Myanmar)
11. Arab (Sagot : No Deal – Saudi Arabia)
12. Achang at Kyah (Sagot : Deal – Myanmar)

Sanggunian: Mateo et al., (2010). Asya Pag-usbong ng Kabihasnan. Vibal Group, Inc.,1252 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City

**Mga pangangailangan sa Roll and Tell:**

1. Malaking *dice*
2. *Background music/speaker*
3. Mga inihandang tanong na may kaugnayan sa aralin.

Kung maaari ay bigyan ng premyo ang mag-aaral na makakasagot. Ang premyo ay maaaring *star*, *candy*, *chocolate* atbp.

| | | |
|---|---|---|
| | **Ikatlong Araw:**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Sistemang Pananampalataya at Ugnayang Pangkapangyarihan ng mga Pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya**<br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Panuto: Hatiin sa apat na pangkat ang mga mag-aaral at bigyang ng kani- kaniyang gawain ang mga ito.<br>**Unang Pangkat** – tatalakayin ang sistemang pananampalataya ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa Pilipinas, Indonesia at Brunei sa pamamagitan ng reporting.<br>**Ikalawang Pangkat** – tatalakayin ang sistemang pananampalataya ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa Malaysia, Singapore at Timor-Leste sa pamamagitan ng pagtula.<br>**Ikatlong Pangkat** – tatalakayin ang sistemang pananampalataya ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa Myanmar at Thailand sa pamamagitan ng maikling awitin.<br>**Ikaapat na Pangkat** – tatalakayin ang sistemang pananampalataya ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa Vietnam, Laos at Cambodia sa pamamagitan ng newscasting. | |

**2.Pinatnubayang Pagsasanay**

**Unang Gawain: TSART, SURIIN MO!**

Gamit ang comparative chart sa ibaba, suriin ang sistemang pananampalataya ng mga bansa sa Timog Silangang Asya at ang populasyon ng mga bansa rito.

| BANSA | RELIHIYON | POPULASYON |
|---|---|---|
| Brunei Darussalam | Islam | 452,524 |
| Cambodia | Buddhism | 16,944,826 |
| Indonesia | Islam | 277,534,122 |
| Laos | Buddhism | 7,633,779 |
| Malaysia | Islam | 34,308,525 |
| Myanmar | Buddhism | 54,577,997 |
| Philippines | Christianism | 117,337,368 |
| Singapore | Buddhism | 6,014,723 |
| Timor-Leste | Christianism | 1,360,596 |
| Thailand | Buddhism | 71,801,279 |

Maaaring bigyan ng *handout* ng guro ang mga mag-aaral upang maging mabilis ang paghihimay ng paksa tungkol sa sistemang pananampalataya ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Magbigay ng rubriks para sa pagmamarka sa isasagawang pangkatan ng mga mag-aaral.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang nakalagay na relihiyon sa chart ay ang opisyal at pinakamaraming tagasunod sa

| | | |
|---|---|---|
| Vietnam | Buddhism | 98,858,950 |


Pinagkunan: *https://www.worldometers.info/world-population/#religions*

*Mga pamprosesong tanong:*

1. Ano-anong mga bansa ang mas nangingibabaw na relihiyon ay Buddhism?
2. Anong relihiyon ang pinaniniwalaan ng maraming bilang ng tao sa Indonesia, Malaysia at Brunei Darussalam?
3. Ano-anong mga bansa ang sumasampalataya sa relihiyong Kristiyanismo?
4. Batay sa populasyon, anong bansa ang may mataas na bilang ng mga tao? Ano naman ang may pinakamababang populasyon?
5. Ibigay ang pagkakasunod-sunod ng populasyon ng mga bansa batay sa pinakamalaki at pinakamababa?
6. May epekto ba ang populasyon ng isang bansa sa relihiyong sinusunod nito? Ipaliwanag.
7. Bakit nagkakaiba-iba ang relihiyon at paniniwala ng mga tao sa Timog Silangang Asya?
8. Paano nakaimpluwensiya ang relihiyon sa buhay at pamumuhay ng mga Asyano, anong aral, paniniwala at gawain ng kanilang relihiyon ang higit na nakapagpaunlad sa kanilang sarili?

**Ikalawang Gawain: MAPAnuri sa Ugnayang Pangkapangyarihan!**

Ipasuri ang mapa ng Timog Silangang Asya batay sa Gross Domestic Product ng bawat bansa. Matapos ito, sagutan ang mga katanungan sa ibaba.




bawat bansa sa Timog Silangang Asya.

Kung sakaling hindi malinaw ang kopya ng larawan ng mapa, maaaring gumawa o ilagay sa chart ang mga data ng bawat bansa. Gamitin ang link sa ibaba na mapagkukuhanan ng data ng GDP ng bawat bansa.

Pinagkuhanan:
https://www.visualcapitalist.com/mapped-southeast-asias-gdp-per-capita-by-country/

**Mga pamprosesong tanong**:

1. Ano ang GDP? Nakakatulong ba ito sa bansa? Ipaliwanag.
2. Batay sa mapa, anong bansa ang may pinakamataas na GDP? Anong bansa naman ang pinakamababa?
3. Paghambingin ang GDP ng Pilipinas at Brunei. Anong bansa ang may mataas na GDP? Ano naman ang may mababang GDP? Bakit kaya mababa ang GDP ng Pilipinas kumpara sa Brunei?
4. Ano ang implikasyon sa bansa ng may mataas na GDP? Ano naman ang epekto sa bansa ng may mababang GDP?
5. Gaano kahalaga ang kalakalan sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya? Nakakaapekto ba ito sa GDP ng bansa? Ipaliwanag.

## Ikaapat na Araw

**Ikatlong Gawain: Let's VOLT IN!**

Hatiin ang klase sa apat na grupo. Gamit ang data matrix sa ibaba, kukumpletin at tatalakayin ng mga mag-aaral ang mga produktong agrikultural na iniluluwas at industriya ng mga bansang naitalaga sa kanila. Ang rubriks sa pangkatang gawain ay ibibigay ng guro.

| BANSA | MGA PRODUKTONG AGRIKULTURAL NA INILULUWAS | INDUSTRIYA |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Sa gawaing ito, bigyan ang mag-aaral ng sanggunian o hand-out upang mas mabilis nilang mahimay ang paksa. Maaari rin na magsaliksik ang mag-aaral sa Google.

Unang Pangkat – Pilipinas, Indonesia at Brunei
Ikalawang Pangkat – Malaysia, Singapore at Timor-Leste Ikatlong Pangkat –Myanmar at Thailand
Ikaapat na Pangkat – Vietnam, Cambodia at Laos

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Sumulat at gumawa ng isang sanaysay gamit ang mga sumusunod na prompt: Ang turo o aral ng relihiyon ang higit na nakakaapekto sa aking buhay ay<br>______________________________________<br>______________________________________<br>______________________________________<br>Dahil:<br>______________________________________<br>______________________________________<br>______________________________________<br>Nakatulong ito upang:<br>______________________________________<br>______________________________________<br>______________________________________<br>Sa kabuuan:<br>______________________________________<br>______________________________________<br>______________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**LAGI MONG ISAISIP!**<br>• Ang Timog Silangang Asya ay tahanan ng iba't ibang grupong etnolinggwistiko na lalong nagbibigay-kulay sa mga kulturang Asyano.<br>• Ang grupong etnolinggwistiko ay isang grupo ng tao na ang mga kasapi ay nakararamdam ng pagiging kabilang sa isang grupo. Ang dalawang pangunahing batayan ng pagkakakilanlang ito ay ang wika at etnisidad.<br>• Mahalaga ang papel na gigampanan ng wika sa pagbuo ng kulturang Asyano sapagkat wika ang nagsisilbing imbakan at salamin ng kultura ng isang lahi. | |

- Ang sistema ng pananampalataya sa mga bansa saTimog Silangang Asya ay nakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Asyano rito at humubog sa kanilang bansa.
- Nagkaroon ng ugnayang pangkapangyarihan ang mga Asyano sa Timog Silangangang Asya sa pamamamgitan ng kalakalan.

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!**

Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang "pag-thumbs up" at "thumbs down" ng iyong kamay.



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| | |
|---|---|
| | **Pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya**<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | 1. **Pagsusulit**<br>**I.** Panuto: Tukuyin kung saang bansa matatagpuan ang sumusunod na mga pangkat etnolinggwistiko sa pangkapuluan at pangkalupaang Timog Silangang Asya. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br>____________1. Cebuano, Bikolano at Mangyan<br>____________2. Cham<br>____________3. Khin o Viet<br>____________4. Javanese, Sundanese at Balinese<br>____________5. Lao Loum at Lao Theng<br>____________6. Khmer<br>____________7. Tagalog, Badjao at Lumad<br>____________8. Timorese, Tetum at Papuan<br>____________9. Burman, Karen at Shan<br>____________10. Thai, Miao at<br>____________11. Bruneians<br>____________12. Singaporeans<br>____________13. Lao Song<br>____________14. Achang at Kyah<br>____________15. Muong, Man at Ho<br><br>**II.** Panuto: Tukuyin ang sumusunod na mga katanungan. Gamitin ang unang letra upang makuha ang tamang kasagutan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>____________16. Anong **E** ang tumutukoy sa pangkat ng mga tao sa isang bansa na magkakaparehong wika, kultura at etnisidad.<br>____________17. Anong **A** ang tawag sa taong naninirahan sa Asya.<br>____________18. Anong **W** ang pangunahing gamit ng tao sa pakikipagtalastasan sa kanyang kapuwa.<br>____________19. Anong **B** ang relihiyon ang nakaimpluwensiya sa mga bansa sa Timog Silangang Asya na nagmula sa India.<br>____________20. Anong **P** ang pangunahing pamumuhay ng mga Asyano sa Timog Silangang Asya na kung saan palay ang pangunahing inaani.<br>____________21. Anong **P** ang bansang yumakap sa relihiyong Kristiyanismo katulad ng bansang Timor-Leste.<br>____________22. Anong **U** ang tawag sa mga pangkat etnolinggwistiko na | ***Mga Sagot:***<br><br>**Part I:**<br>1. Pilipinas<br>2. Cambodia<br>3. Vietnam<br>4. Indonesia<br>5. Laos<br>6. Cambodia<br>7. Pilipinas<br>8. Timor-Leste<br>9. Myanmar<br>10. Thailand<br>11. Brunei<br>12. Singapore<br>13. Laos<br>14. Myanmar<br>15. Thailand<br><br>**Part II:**<br>16. Etnolinggwistiko<br>17. Asyano<br>18. Wika<br>19. Buddhism<br>20. Pagsasaka<br>21. Pilipinas<br>22. Uplander<br>23. Kalakalan<br>24. Animism<br>25. Tonal/Tonal Langguage |

naninirahan sa mataas na lugar o kabundukan gaya ng Mangyan sa Pilipinas at Karen sa Thailand.

_____________23. Anong **K** ang tawag sa palitan ng produkto sa kapuwa produkto na nagbigay daan sa ugnayan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya.

_____________24. Anong **A** ang tawag sa paniniwala ng ilang pangkat etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya na ang lahat ng bagay ay may kaluluwa o Espiritu.

_____________25. Anong **T** ang kategorya ng wika na kung saan ang kahulugan ng salita at pangungusap ay nagbago batay sa tono ng pagbigkas nito gaya ng wikang Burmese at Vietnamese.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Ano ang katangian ng sinaunang lipunan sa pangkalupaan at pangkontinenteng Timog Silangang Asya?
2. Ano ang naging ugnayang pangkapangyarihan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya?
3. Ibigay ang kahulugan ng kinship, family at gender.

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>______________________________<br>______________________________ | | | |